2025 Volume 1 Issue 1

TALAS
Mga balita, tampok, at sanaysay

# *Lambing ng Dusa*

*Marlyn P. Kangah*
*Filipino Department, Zamboanga City High School-Main, Zamboanga City, 7000*
*Corresponding email: marlyn.kangah@deped.gov.ph*

Ang bilis nga naman ng panahon. Kamakailan lamang ay sinasaling ako ng pagkabata na walang iniindang anumang suliranin at naglalayag lamang sa mundo ng paglalaro. Ngayon ay labing limang taong gulang na ako at nasa ika-siyam na baitang ng junior high school. Napatunayan kong sa edad ko ngayon, hayag ang pagiging mapusok at animo'y parating ginagambala ng samo't saring tanong sa buhay.

Hindi ko maipagkakaila na unti-unti akong nalulunod ng mga tanong ko sa aking sarili. Nakatutuwang isipin na ako ang nagpapakilos, nagdedesisyon at piloto ng aking buhay subalit ang totoo ay wangis ko ang naliligaw na kaluluwa. Sino ba Talaga ako? Bakit pakiramdam ko may kulang? Bakit mahirap maging masaya? Ano ang pakiramdam ng kahanga-hangang proseso na iyon? Ano ang mangyayari sa akin kung gagawin ko iyon? Mga tanong na unti-unting lumulusaw sa aking kaluluwa sapagkat nananatili itong isang mahiwagang tanong.

Sinasalamin ko ang naging pag-aaral ni Erik Erikson's theory of Psychosocial Development na tinawag niyang identity vs. role confusion. Ayon sa kaniyang pag-aaral na ang kabataang nasa edad labing dalawa hanggang labing walong taon ay hindi pa nagiging malinaw ang kanilang pagkakakilanlan kaya madalas silang lumilikha ng iba't ibang papel sa buhay upang tukuyin ang kanilang pagkakakilanlan at matanggap ng nakararami sa layuning mahanap ang tunay na kaligayahan sa buhay.

Ang totoo ay naging panatag ako sa resulta ng kaniyang dakilang pag-aaral, sapagkat sumasagisag lamang na isa pa rin akong normal na tao at kaming mga Kabataan ay talagang dumadanas ng nakakikilabot na kalungkutan dahil hindi pa namin tiyak ang aming katangian at naglalakbay kami upang hanapin iyon. Kaya buong tapang akong tumayo! Ganap na ang aking desisyon! Hahanapin ko ang mga bagay na magpapasaya sa akin! Kumawala ako sa tanikala ng tuntunin ng mga pinagbabawal!

Nagpakasasa ako sa piling ng aking kasintahan, kahit hindi ko tiyak ang mga pangyayari at mangyayari. sumayaw kami sa dilim ng gabi at nagliliwanag na buwan. Hinaplos namin ang nagrerebelde naming kaluluwa. Habang Tinatangay kami ng mga pahayag na "bahala na" ay nagpatuloy ang aming kapusukan.

"Peeeeeeeep…………………..." Ang busina ng dyip

"Hoy! Nagpapakamatay ka ba?'" Ang galit na sigaw ni manong drayber.

Nanumbalik ang aking ulirat, bahagya akong napipi at hindi makapaniwalang naglakbay pala ang aking kaluluwa sa makasalanan kong diwa habang binabagtas ko ang tahanan ng aking kasintahan.

Harness Mind Publishing

Hiyang-hiya ako sa aking sarili! "Hindi…hindi ….." Ang bulong ko sa aking sarili. Kaagad akong tumalikod at tumakbo pabalik sa aming tahanan. Mariin kong hinaplos ang aking mukha at piniring ang mga mata. Waring binisita ako ng mga leksyon ni ma'am Emmie noong nakaraan habang sinasakal ako ng takot at kalungkutan.

Pinaliwanag ni ma'am ang tungkol sa datos mula taong 2023–2024 mula sa PSA, CPD, at lokal na health initiatives ay nagpapakita ng patuloy na pagtaas ng kaso ng teenage pregnancy at bumababa ito mula edad sampu hanggang labing-apat na taong gulang. Napakalaking bahagi ng mga kaso ang non-marital, at karamihan ay may age gaps na may kasamang coerced o exploitative na relasyon. Malinaw na ang teenage pregnancy ay may malaking epekto sa edukasyon, kalusugan, at ekonomiya ng kabataan, lalo na sa mga mahihirap na pamilya na lalong nagpapahirap at nagpapalala ng kanilang sitwasyon.

Kung magpapadala ako sa tawag ng aking kapusukan, ano ang magiging kinabukasan ko? Hindi kami mayaman, may karamdaman na ang aking magulang, marami kaming magkakapatid at wala kaming aasahan kung hindi ang isa't isa at naikintal na sa aming isipan na dapat kami ay makapagtapos ng pag-aaral.

Talaga ngang matindi ang pakikipagbuno ng mga katulad kong teenager dahil sa pagiging mausisa sa mga bagay-bagay. Malakas ang aking pananalig na dapat maisaalang-alang ng DepEd kurikulum ang pagtuturo ng Sex Education mula grade-6 at pataas, upang maging maalam, responsable sa sarili at sa kapwa.

Pinatunayan ng United Nations Population Fund o UNFPA Philippines (2023), na ang mga paaralang may sex education ay mas mababa ang insidente ng teenage pregnancy.

Batay naman sa pag-aaral ng UNESCO (2021), ang comprehensive sexuality education (CSE) ay hindi nagtutulak sa kabataan upang maging sexually active, sa halip ay inaaantala nito ang unang sexual experience, higit sa lahat bumababa ang rate ng unprotected sex. Taliwas sa mga paniniwala ng hindi sang-ayon sa programa.

Ang Comprehensive sex Education ay hindi lamang nagtuturo ng mga aralin ng pakikipagtalik bagkus ito ay nagpapaliwanag ng kaalaman sa katawan, reproduktibong kalusugan, pag-iwas sa pre-marital sex, pag-iwas din sa sexually transmitted infections o STIs, pagpapalakas ng kakayahang magdesisyon, pagtataguyod ng gender sensitivity higit sa lahat ang pagpapaunawa sa pabugso-bugso at mapusok na emosyon at konsenswalidad ng mga Kabataan.

Sa gayon, ang mga katulad kong naghahanap ng kaligayahan ay makahanap ng tunay na kaligayahan at tuluyang makaalpas sa lambing ng dusa dahil sa mapangahas at maling desisyon.

***DETALYE NG ARTIKULO***
*T-00000033; Natanggap: Hulyo 25, 2025; Tinanggap: Hulyo 27, 2025; Nailathala: Hulyo 29, 2025*
***SIPI:***
*Kangah M. (2025). Lambing ng Dusa. Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay. DOI:*
***KARAPATANG-AUTOR***
*© 2025 ng may-akda. Ang Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay ay inilalathala ng Harness Mind Publishing. Ito ay isang Open Access na artikulo na ipinamamahagi sa ilalim ng mga tuntunin ng Creative Commons Attribution License (https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/), na nagpapahintulot sa muling pamamahagi at pagpaparami sa anumang anyo o midya, basta't kinikilala ang orihinal na akda.*